

SB File
--2

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-44 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 DISYEMBRE 2000, 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifiel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan S. Advincula	OB
Konsehal Mae Arlene M. Talens	

KAPASYAHAN BLG. 125
Taong 2000



KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT KINA ENGR. JEROME DELA ROSA AT ENGR. ARLENE RECTO NG DPWH SUB DISTRICT OFFICE SA ROXAS, SILANGANG MINDORO SA MAAGAP NA PAG-AKSYON SA PANSAMANTALANG PAGSASAAYOS NG NASIRANG DIKE SA BARANGAY SAN RAFAEL NG BAYANG ITO.

SAPAGKAT, ang dike ng Barangay San Rafael ng bayang ito sa panahon ng tag-ulan at tag-bagyo ay lubhang kinatatakutan ng mga mamamayan ng Roxas dahil sa bantang pagkasira sa laking ng agos ng malaki at malawak na ilog ng Bongahong na siyang magdudulot ng baha sa buong kapatagan ng bayang ito;

SAPAGKAT, nitong nakaraang mga buwan isang bahagi ng nasabing dike na nagbabantang masira ng puwersa ng malakas na agos ng ilog ay pansamantalang isinaayos ng mga namumuno ng Pamahalaang Bayan ng Roxas at ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagtatambak ng isinakong mga buhangin;

SAPAGKAT, ang pansamantalang pagsasaayos na ito na sumandaling nagbigay kapayapaan sa mga mamamayan ay hindi nagtagal nang dumating ang sunod-sunod na malakas na pag-ulan na nagwasak/bumutas sa isang bahagi ng dike;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Roxas ay walang sapat na pondo at mga kagamitan upang dagling maisaayos ito kung kaya't ang mga opisyal ng bayan ay lumapit sa pamunuan ng DPWH Sub-District Office sa bayang ito na agad-agad gumawa ng mabilisang aksyon;



Sifiel

SAPAGKAT, ang maagap na pagsuportang isinagawa nina District Engineer Jerome Dela Rosa at Engr. Arlene Recto ay isang napakalaking tulong sa pamahalaang bayan ng Roxas at sa mga mamamayan upang maibsan ang mga pag-agam-agam at pagkatakot sa magiging kasiraan ng dike na magdudulot ng baha sa bayan;

SAPAGKAT, ang ganitong tulong at pagsuporta ng isang ahensyang nasyonal sa pamahalaang lokal para sa kapakanan ng mga mamamayan ay isang mayamang halimbawa ng pagkakaisa at pagtutulungan na aliyang idayal na sitwasyon sa mga lingkod bayan;

SAPAGKAT, napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng Roxas na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa pamunuan ng DPWH Sub-District Office ng Roxas, Engr. Jerome Dela Rosa at Engr. Arlene Recto sa kanilang maagap na pag-aksyon sa pansamantalang pagsasaayos ng nasirang dike sa bayang ito.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay District Engineer Jerome Dela Rosa at Engr. Arlene Recto ang tauspusong pasasalamat ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa kanilang maagap na pag-aksyon sa pansamantalang pagsasaayos ng nasirang dike sa Barangay San Rafael ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kina District Engineer Jerome Dela Rosa at Engr. Arlene Recto ng DPWH Sub-District Office, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

PINAGTIBAY ng lahat : 11 Disyembre 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN.



GONZALO C. SNEI, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mmz/

Received : 12/27/2000


Office of the District Engr.

Received


Office of the District Engr. 12/27/2000